## Pagbubuod...

Ang kanser sa suso ay ang pinakamadalas na sakit sa mga kababaihan sa Italya: mga isang malignant na tumor bawat isa sa tatlo ay ang breast cancer (AIOM, 2020). Mainam na ulitin ang mammogram tuwing dalawang taon simula sa edad na 50. Ang lahat ng mga inanyayahang kababaihan ay tinawag at pinapabalik para sa pagsusuri sa pagtatapos ng dalawang taon. Samantala ito ay Laging ipinapayo na bigyang halaga na suriin ang iyong mga suso sa pamamagitan ng pagsusuri sa sarili at kung may pagdududa, makipag-ugnayan sa iyong doktor o tumawag sa programa screening na walang bayad sa kanilang numero. Kung hindi ka pa nakatanggap ng imbitasyon mula sa lokal na sentro screening o hindi pa nakasali sa programa, maaari kang tumawag sa libreng numero ng telepono ng sanggunian pangkalusugan sa inyong lugar upang humingi ng apuntamento. Ang mga dayuhan o mamamayang sa Europa na may hawak ng STP o ENI card ay maaari ding kumuha ng apuntamento.

Ang lahat ng personal na data na nakolekta ay napapailalim sa mga patakaran sa pagiging kumpidensyal at proteksyon ng data. Sa araw ng pagsusuri ay ibibigay ang isang sumusuportang sertipiko para sa pagliban sa trabaho kong ikaw ay nangangailangan nito. Para sa iba impormasyon o para magpalit ng apuntamento tumawag sa walang bayad na numero ng iyong lokal na sentro pangkalusugan.

*AIOM 2020

| ASL | Screening | Numero Verde | Orari |
|---|---|---|---|
| Roma 1 | **Mammella**<br>Cervice<br>Colon Retto | 800 536 693 | da Lun a Ven<br>8:00-17:00 |
| Roma 2 | **Mammella**<br>Cervice<br>Colon Retto | 800 405 051 | da Lun a Ven<br>8:00-18:00 |
| Roma 3 | **Mammella**<br>Cervice<br>Colon Retto | 800 634 634 | da Lun a Ven<br>8:30-17:00 |
| Roma 4 | **Mammella**<br>Cervice<br>Colon Retto | 800 539 762 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00 |
| Roma 5 | **Mammella**<br>Cervice<br>Colon Retto | 800 894 549 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00<br>e 14:00-17:00 |
| Roma 6 | **Mammella**<br>e Colon Retto | 800 430 264 | da Lun a Ven<br>15:00-19:00 |
| | Cervice | 800 160 622 | |
| Viterbo | **Mammella**<br>Cervice<br>Colon Retto | 800 840 359 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00 |
| Rieti | **Mammella**<br>Cervice<br>Colon Retto | 800 646 999 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00 |
| Latina | **Mammella**<br>Cervice<br>Colon Retto | 800 065 560 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00<br>da Lun a Gio<br>15:00-17:00 |
| Frosinone | **Mammella**<br>Cervice<br>Colon Retto | 800 003 422 | da Lun a Ven<br>9:30-13:30 |

**Per prenotare gli esami di screening scansionare il QR code**
*prenotascreening.regione.lazio.it*

MEDECINS SANS FRONTIERES
MEDICI SENZA FRONTIERE

*Tradotto in Tagalog da Medici Senza Frontiere nell'ambito del protocollo d'intesa con l'ASL Roma 2.*

**www.salutelazio.it**

# MAMMOGRAFIA

## ABITUATI A CURARE TE STESSA




**PROGRAMA PARA SA ONCOLOGICAL SCREENING NG SUSO**

LIBRE PARA SA MGA BABE NA MAY EDAD MULA

**50 HANGGANG 74 NA TAONG GULANG**

SALUTE LAZIO
SISTEMA SANITARIO REGIONALE

REGIONE LAZIO

## Bakit ka nakakatanggap ng imbitasyon mula sa iyong lokal na awtoridad pangkalusugan?

Upang paalalahanan ang lahat ng kababaihang 50 hanggang 69 taong gulang na ang kanser sa suso ay posibile na matuklasan ng maaga sa pamamagitan ng regular na pagsasagawa ng libreng mammogram kada dalawang taon. Ang layunin ay para maiwasan ang pagkakaroon ng tumor, maagang maiwasan kahit kahit hindi makikilala sa mata, upang mapanatili ang ang malusog na suso at,higit sa lahat malaki ang tsansa na mailigtas ang maraming buhay.

Kahit na ang mga kababaihan sa pagitan ng 45 at 49 na taon ay maaaring makakuha ng isang libreng mammogram bawat dalawang taon. Kong hindi sila nakatanggap ng liham o imbitasyon? Maaari silang humingi sa kanilang doktor ng isang partikular na referral na may exemption. Sa halip, ang mga kababaihan sa pagitan ng 70 at 74 taong gulang ay maaaring tumawag sa walang bayad na numero ng pampublikong sentro screening ng kanilang lugar at magtanong upang magkaroon ng apuntamento ng mammogram nang libre.

Walang lahat bayad, mula sa mammogram hanggang sa malalalim na pagsusuri at sa anumang paggamot na maaaring kailanganin.

Kung hindi ka pa nakatanggap ng imbitasyon mula iyong lokal na sentro pangkalusugan o hindi pa nakasali sa programa ng screening, maaari kang tumawag sa kanilang numero toll free para humingi ng apuntamento.

## Ano ang mammogram?

Ang mammogram ay isang x-ray ng mga suso, ito ang pinaka espesipiko at epektibong pagsusuri para sa maagang pag tuklas ng kanser sa suso.

## Ito ba ay masakit?

Hindi, sa ilang mga kababaihan ang kinakailangang kompresyon ng dibdib ay maaaring hindi komportable sa loob ng ilang minuto.

## Ito ba ay isang mapanganib na pagsusuri?

Hindi, ang digital mammogram, ang ginagamit ay ang napakababang dosis ng X-ray ang ginagamit sa screening nito.

## Pagkatapos ng pagsusuri ng mammogram?

Sa kaso ng isang negatibo o normal na resulta, ang entro Screening ay magpapadala ng liham ng komunikasyon pag negatibong resulta. At pagkatapos ng dalawang taon ay nagpadala uli sila ng panibagong imbitasyon para ulitin ang mammogram. Sa kabilang banda naman, ang ilang iba pang pagsusuri (hal. ultrasound) ay kailangan din upang maabot ang tiyak na diagnosis, ang lokal na sento pangkalusugan ay makikipag-ugnayan sa babae sa pamamagitan ng telepono upang mabilis na ayusin ang apuntamento.

Kung positibo ang pagsusulit na ito, makikipag-ugnayan ang Centro Screening sa tao sa pamamagitan ng telepono upang anyayahan silang sumailalim, palaging walang bayad, sa isang malalim na ultrasound.

Anumang mga follow-up at kasunod na paggamot, kung kinakailangan, ay ini-book at ibinibigay nang direkta at walang bayad ng sanggunian ng lokal na sentro pangkalusugan.

## Dapat ba akong Magtiwala?

Ang mammogram ay hiwalay na sinusuri ng dalawang espertong radiologist na nagbabasa ng libu-libong mga pagsusuri bawat isa taon, ayon sa hinihingi o rekomendasyon sa Europa.

Ang mga radiologist na nagtatrabaho sa programa Screening sila ay patuloy na nakikilahok sa mga programa sa pagsasanay nakatuon lahat kanilang dedikasyon para bigyang halaga ang suso, iniaalay nila ang kanilang oras na hindi bababa sa 50% ng kanilang aktibidad sa pagbabasa ng hindi bababa sa 5,000 mammogram bawat taon.

Ang lahat ng mga pamamaraan ay sumusunod sa pambansa at European na mga alituntunin at napapailalim sa mga kontrol sa kalidad ng gawa.

